

CHAPTER *One*

*H*alos mapahiyaw sa gulat ang babaeng nakasuot ng unipormeng pang-nurse nang tabigin ni Carlos ang tray ng pagkain na inihanda nito para sa binata.

“Ilang beses ko bang sasabihin na wala akong ganang kumain!” singhal niya.

Isa-isang dinampot ng nurse ang mga gamit na sa kabutihang-palad ay hindi naman nabasag lahat.

Pumasok sa silid ang isang babaeng nakapostura at nakasuot ng mamahaling damit at mga alahas.

“Carlos, ano ba ang nangyari? Hindi ka na naman ba kumain?” nag-aalalang tanong nito sa anak.

“Sinabi ko naman, Ma, ayokong kumain ng kahit ano, hayaan n’yo na lang akong mapag-isa,” turan ni

Carlos sa ina na nakatuon lang ang tingin sa labas ng bintana ng kuwarto.

“At ano ang mangyayari sa ’yo, aber? Ginagawa mong miserable ang buhay mo. Hindi pa katapusan ng mundo, anak, may mga paraan pa...” halos naiiyak na tugon nito.

Unti-unting bumalik sa alaala ni Carlos ang mga pangyayari bago siya nabulag dahil sa isang aksidente...

“Carlos, ang tindi mo! Wala talagang tatalo sa most sought-after bachelor ng batch natin,” sabi ni Louie, na sinang-ayunan ng iba niyang kabarkada.

“Wala akong dapat patunayan, mga bro. Kung mayroon mang babaeng umaaligid sa akin, hindi ko kasalanan ’yun.” Masasabi niyang sa mga oras na iyon ay wala pa siyang tunay na pag-ibig na natatagpuan... maliban kay Trinie.

Kababata niya ang dalaga at halos ito ang pinakamatagal niyang naging kaibigan.

“Speaking of babae, nandiyan na ang girlfriend mo, este, best friend pala,” buyo muli kay Carlos ng mga kaibigan nang makitang papasok sa bar na kanilang kinaroroonan si Trinie, kasama ang isa pang babaeng kasing-tangkad nito at medyo morena.

“Maupo kayo,” alok agad ni Carlos sa mga bagong

dating.

“Ang s’abi mo hindi ka pupunta sa party. ’Tapos ngayon, nauna ka pang dumating sa amin dito,” nakangusong ismid ng kababata.

Idinahilan niya rito na may kailangang siyang tapusing pirmahang mga papeles sa opisina. At ayaw niyang biguin ang kanyang ina pagdating sa kanilang negosyo. Pinatatakbo niya ang kanilang family business na nagpo-produce ng mga kalidad na sapatos. Inako na niya ang lahat ng responsibilidad sa negosyo simula nang mamatay ang papa niya dahil sa heart attack.

“At mukhang masaya ka naman na nagpunta ako ngayon dito, tama ba ako?” pang-aalaska ng binata, sabay tungga sa hawak niyang baso na may alak.

“Nakakainis ka talaga, Carlos Alcantara! You always make a way para inisin ako.” Umirap muli ang dalaga na parang anghel sa suot nitong puting bestida habang nakalugay ang hanggang balik at na buhok na bahagyang kinulot sa dulo.

At hindi napigilan ni Carlos na mapatitig sa magandang mukha nito habang iniisip ang magiging reaksiyon ng babae kapag inamin niya ang tunay niyang nararamdaman para rito.

“Bago kayo mag-LQ d’yan, ipakilala mo muna sa

amin ang magandang binibining kasama mo, Trinie,” sabad ni Jake na kaibigan nila pareho, at kilalang playboy.

“This is Laica, my officemate. Laica, they are my friends, Jake, Louie, Raymond and Carlos.”

“Hi...” nakangiting bati nito sa kanila.

“Mukhang kabaligtaran ‘ata ni Trinie si Laica, sobrang tahimik at ang tipid sa ngiti,” bulong ni Louie kay Raymond habang panakaw na tinitingnan ang dalagang nabanggit.

Ilang minuto silang nagkuwentuhan habang panay ang inuman.

“Hay... lasing na ‘ata ako, ah,” mayamaya ay sabi ni Jake sa mga kasama habang ipinipilig ang ulo nito mayamaya.

“Ako rin medyo nahihilo na.” Napahawak sa tainga si Trinie.

“Ako na ang maghahatid sa inyong dalawa,” aya ni Carlos sa dalawang dalaga na halatang nakainom dahil sa namumulang mga mukha ng mga ito.

Hindi makapaniwala si Trinie sa narinig mula sa kanya. “Really, ihahatid mo kami?”

“Oo naman, ayaw mo ba? Para makabawi naman ako sa mga pang-aasar ko sa ‘yo kanina.” Halos lumitaw ang bahagyang biloy sa mga pisngi ng binata

nang mapangiti.

“Yeah, right. Tama lang na ikaw ang maghatid sa amin para may mabuti ka namang magawa, di ba?” Nakangiti rin si Trinie.

“O, baka kung saan na naman mauwi ang pag-uusap n’yo... let’s go, at ikaw na ang bahala sa kanila, bro.”

“Oo, sige,” tugon ni Carlos sa mga kaibigan. At sabay-sabay nilang tinungo ang parking area ng bar na pinanggalingan nila.

Nagulat siya nang magpaalam si Laica na hindi raw sasabay na umuwi dahil may dadaanan pa ito malapit sa bar na kinaroroonan nila. Wala silang nagawa kundi payagan ang kagustuhan nito.

Hinatid nila ito sa sinabi nitong bar na gusto nitong pasyalan bago umuwi.

Sila na lamang dalawa ni Trinie ang nasa loob ng sasakyan nang mga sandaling iyon at pakiramdam ni Carlos ay isang dangkal na lamang ang layo nila sa isa’t isa. Gustung-gusto niyang yakapin at halikan ang kaibigan at sabihin ang tunay niyang nararamdaman para rito.

Ang totoo, bantay-sarado niya ang dalaga sa mga manliligaw nito, kulang na lamang ay magmukha siyang tatay rito noong nasa college pa sila. Sinasabi

niyang ayaw niyang masaktan ito at maloko, pero ang totoo, ay ayaw niyang may sinumang lalaking lumalapit dahil gusto niyang kanya lang ang atensyon ng kababata.

Kaya nasanay na rin siguro ito na siya lamang at ang mga kaibigang nilang lalaki ang nakakasama nito kapag may lakad ito o gustong puntahan. Nag-iisang anak na babae kasi si Trinie at hindi ito basta-basta pinapayagang lumabas ng mga magulang nito kung hindi kasama si Carlos. Nang kapwa sila nagkaroon na ng kani-kanyang trabaho, hindi na niya gaanong nababantayan ang dalaga.

“Ehem...” kunwari ay nasamid na usal ni Trinie habang siya ay seryosong nakatingin lamang sa daan.

“Bakit?” Hindi niya mapigilang ngumiti.

“Dumadalas yata ang hindi mo pagsama sa mga paglabas-labas natin para kumain, Mr. Alcantara.”

“Bakit, nami-miss mo ba ako?” sa halip ay isinagot niya sa dalaga na alam niyang ikaiinis ulit nito.

“Of course not. Bakit naman kita mami-miss, aber?”

Nagpatuloy ang pag-uusap nila hanggang sa humantong iyon sa tunay niyang nararamdaman para sa kababata.

“Trinie, I know that you have an idea how much

I like you.” Naglakas-loob na si Carlos na sabihin ang matagal nang nilolooob.

“Carlos, kahit hindi mo sabihin, sa mga kilos at ginagawa mo sa tuwing magkasama tayo... hindi naman siguro ako magkakamali sa nararamdaman ko sa ’yo.”

Natigilan siya. “Nararamdaman? What do you mean?” aniya, hindi makapaniwala.

“Matagal na din kitang mahal, Carlos. Sa tingin mo ba ganon ako kamanhid para hindi maramdaman ang lahat ng mga ginagawa mo para akin simula noong mga bata pa tayo?”

Nagliwanag ang mukha ni Carlos. “Really? Bakit hindi mo sinabi akin na mahal mo rin ako kung dati mo pa pala naramdamang may gusto ka rin sa akin?” patuloy na tanong niya. Ang buong akala niya ay one-sided love lang ang mangyayari sa gagawin niyang pagtatapat.

“Natatakot kasi ako na masaktan, lalo pa’t napakadaming babaeng nakapalibot sa ’yo noon hanggang ngayon, di ba?” Napabaling si Trinie sa labas ng bintana dahil sa hiya at kabang nararamdaman nang mga sandaling iyon. Hindi ito sanay na ganoon sila mag-usap.

“Hindi mo alam kung gaano ako kasaya na

malamang may nararamdaman ka rin pala para akin,” di-makapaniwalang sambit ni Carlos.

Pumapatak na ang luha sa mapuputing pisngi ng dalaga.

Hinawakan niya ang kamay nito at saka banayad na hinalikan iyon.

Punung-puno ng kasiyahan ang mga sandaling iyon para sa kanilang dalawa. Kompleto na ang lahat sa buhay ni Carlos at wala na siyang mahihiling pang iba...

Nang buhat sa kaliwang bahagi ng kalsada ay may isang batang may dalang isang bungkos ng karton ang biglang sumulpot. Mabilis niyang kinabig ang sasakyan papunta sa kabilang parte ng kalsada upang hindi tuluyang masagasaan ang bata. At ang lahat ng sumunod na mga pangyayari ay hindi malinaw sa kanya.

“Carlos, anak... are you okay?” Iyon ang tinig na gumising sa binata. Nasa ospital na siya pagkatapos ng aksidenteng nangyari.

“Mama, ikaw ba ’yan? Bakit ang dilim? Nasaan si Trinie?”

Hindi agad sumagot ang magulang. “Wag kang masyadong malikot, may benda ka sa mga mata.”

“Ma... okay lang ba si Trinie?” Wala siyang

narinig na tugon. “Bakit di ka makasagot?”

“Ayos na si Trinie, wala na siya sa kapahamakan,” sa wakas ay sagot nito.

Bahagyang lumuwag ang pakiramdam ni Carlos, ngunit hindi pa rin siya mapalagay sa kalagayan ni Trinie lalo na’t alam niyang nasaktan din ito sa aksidente.

“Gusto ko siyang puntahan, Ma . P’wede mo ba akong samahan?” pakiusap niya.

“Nailipat siya sa ibang hospital. Nagkaroon kasi ng malubhang sugat ang mukha niya kaya minabuti ng mga magulang niya na humanap ng ibang hospital na mas advanced ang kagamitan.”

Hindi agad nakapagsalita si Carlos. Hindi siya makapaniwala sa nangyari; lahat ay biglaan at parang isang kidlat na tumama sa kanilang sasakyan.

Wala siyang maisip na puwede niyang gawin nang mga sandaling iyon kundi ang puntahan si Trinie, yakapin ito nang mahigpit at humingi ng tawad dito. Ngunit paano niya iyon gagawin kung sa mga oras na iyon ay dilim ang lahat ng nakikita niya?

“Ma, bakit may benda ang mga mata ko?” kinakabahan pa ring tanong ni Carlos.

“Mayroon kasing di magandang nangyari sa mga mata mo dahil sa aksidente.”

“Ano’ng nangyari sa mga mata ko, Ma? Tell me!”

“Nasugatan ang mga mata mo, anak, at ang s’abi ng doktor, ay na-damage ang cornea kaya wala kang makitangkahit ano sa ngayon,” umiiyak na imporma ng kanyang ina habang hawak siya sa magkabilang pisngi.

Muling nanlumo si Carlos sa narinig. Hindi pa pala tapos ang lahat ng paghihirap niya dahil sa aksidente at mayroon pang mas mabigat na katotohanan na mahirap tanggapin.

“Makakakita pa ako, Mama, hindi ba?”

“Ang s’abi ng doktor, kailangan ka pang obserbahan para matiyak kung kailangan mo ba ng eye donor at maoperahan para makakita ka uli, anak.”

Hindi agad siya nakasagot. Ang tanging nasa isip niya ay kung paano matutulungan si Trinie sa pinagdadaanan nito nang sandaling iyon.

Mabilis na lumipas ang mga araw at hindi nagtagal, nakauwi na siya sa bahay at doon nagpagaling. Ang lalong nagpalungkot sa binata ay ang nabalitaan na dinala si Trinie ng mga magulang nito sa ibang bansa upang doon magpagamot. Hindi man lang niya nakita ang dalaga bago ito umalis ng bansa. At wala siyang alam kung kailan muling makikita ang babaeng pinakamamahal niya.

CHAPTER *Two*

iginala ni Chloé ang mga mata niya sa malaking receiving area ng bahay ng magiging pasyente niya. Mukhang mahilig sa kulay chocolate ang may-ari ng bahay dahil lahat ng makita niya sa sala ay may touch ng brown. Gayunpaman, halata ang rangya sa disenyo ng mga muwebles doon. Maging ang sofa set na kinauupuan niya ay hindi niya masabi kung saang materyales gawa, ngunit talagang bumagay ang design niyon sa eleganteng bahay.

Habang patuloy sa panaka-naka niyang pagtingin sa loob ng bahay na iyon, lumabas mula sa isang malaking sliding glass door ang isang babae na sa tantiya niya ay nasa edad cincuenta pataas na. Maayos ang pananamit nito na para bang

may importanteng lakad na pupuntahan dahil sa nakasabit na signature bag sa braso nito.

Inilang hakbang lamang nito ang pagitan nila at ngayon ay nakatayo na sa harapan niya.

“You must be Chloé Sanchez, right?” Nagpakilala itong si Mrs. Amanda Alcantara.

Napatayo ang dalaga. “Yes, Ma’am,” walang atubiling sagot niya sa ginang.

“Mabuti naman at nag-abot tayo. Papaalis na sana ako. May importante kasi akong appointment. Maupo ka,” sabi nito.

Muli ay naupo siya.

“Hindi ko alam kung nabanggit na ni Rina sa ‘yo ang nangyari sa anak ko,” tukoy nito sa kaibigan niya na siyang nag-refer sa kanya sa trabahong iyon.

“Naikuwento na niya na nga po sa akin, Ma’am,” maagap na sagot ni Chloé.

“Mabuti kung gan’on. Base sa sinabi sa akin ni Rina, mabait at magaling ka daw mag-alaga ng pasyente.”

“Maaasahan n’yo po na gagawin ko ang lahat para matulungan siya.”

“I’m glad to hear that. Masyado kasing magulo ang isip ni Carlos ngayon so sana habaan mo ang pasensya mo sa kanya. Mahirap siyang intindihin

ngayon.”

“Naiintindihan ko po, Ma’am. Ako na po ang bahala sa anak n’yo.”

“I really have to go. Ang lahat ng kailangan mo habang nandito ka sa bahay ay p’wede mong itanong sa mga kasambahay dito. Sasamahan ka na lang ni Manang Rosy sa kuwarta ni Carlos, so you can meet him already.” Iminuwestra nito ang may-edad na babaeng kalalapit lang dito.

Tanging isang tango lamang ang naibigay ni Chloé sa ginang at tuluyan na itong lumayo.

Iginiya na siya ni Manang Rosy sa pasilyo papunta sa kuwarta kung saan naroon ang magiging pasyente niya. Patuloy ang malakas na kaba ng puso ng dalaga. Hindi niya mapigilang mapaisip kung ano bang klase ng tao ang makakaharap niya. Pagkatapos kasi niyang makatapos ng caregiver course ay namasukan siya sa isang private clinic bilang assistant kaya ngayon pa lang talaga siya makakapagtrabaho bilang isang personal na tagapag-alaga.

“Dati, doon si Sir sa kuwarta niya sa itaas. Pero mula nang mabulag siya, dito na po siya sa guest room sa ibaba.” Huminto sila sa isang pinto sa kanan. “Ito na po ang kuwarta ni Sir Carlos. Kung

may kailangan po kayo, huwag kayong mahihiyang magtanong,” anang matanda na halatang gusto ring matulungan ang batang amo.

“Sige po, Manang Rosy, ako na po’ng bahala sa kanya.”

Tumango ang matandang kasambahay bago lumakad na patungong kusina.

Ilang sandali muna siyang huminga nang malalim. Kung ano man ang ipakitang ugali ng binata ay titiisin na lamang niya at pipiliting kuhanin ang loob nito, hanggang sa maging maayos ang pakikitungo nito sa kanya.

Kumatok siya nang tatlong beses sa pinto bago may narinig na boses mula sa loob.

“Manang Rosy, busog pa po ako. Mamaya na ’ko kakain.”

“Hindi po ako si Manang Rosy. Ang pangalan ko po ay Chloé, Sir. Ako po ang magiging bagong tagapag-alaga mo,” mabilis na tugon niya.

Hindi agad sumagot ang tao sa silid kaya minabuti ni Chloé na tanungin uli ang binata.

“Ayos lang po ba kayo d’yan, Sir? Pwede na po ba akong pumasok?”

“Pumasok ka na.” Kahit medyo masungit pa rin ang tono, nabuhayan ng loob ang babae.

Pagbukas ng pinto, nabungaran niya ang isang kuwarto na ang tanging liwanag ay nagmumula sa malamlam na ilaw mula sa lampshade. Lumingalinga siya upang hanapin ang kanyang aalagaan.

Nakita niya itong nakaupo sa isang wheelchair at nakatapat sa bintana. Sarado iyon dahil nakabukas ang air-conditioning unit.

“Magandang umaga po, Sir. Ako po si Chloé Sanchez,” bati niya. Ibinaling nito nang bahagya ang wheelchair kaya nakita niya ang kabuuan ng mukha ng lalaki.

Biglang napahinto ang paghinga ni Chloé. Matangkad ito at kitang-kita ang maputi nitong balat sa suot na simpleng white t-shirt at brown pants. Matangos ang ilong ng lalaki na bumagay sa makakapal nitong kilay at medyo singkit na mga mata. Gayunpaman, bakas ang lungkot sa mga mata nito.

“Hindi sinabi ni Mama na may kinuha na naman siyang bagong mag-aalaga sa akin. Ang sabi ko sa kanya kaya ko ang sarili ko at saka may nagpupunta naman ditong mga doktor kaya hindi ko na kailangan ang caregiver,” matabang na turan nito. Ni hindi man lang siya nito binati o bahagyang nginitian.

“Alam ko po ’yun, Sir, pero mas mainam pa rin kung may magbabantay sa ’yo nang personal para maka-recover kayo agad,” walang takot na tugon niya. Mas mainam kung sa una pa lang ay mapasunod na niya ang binata sa mga dapat nitong gawin para mapabilis ang paggaling nito.

“Hindi ko kailangan ang tulong ng ibang tao para maka-recover. Kaya ko ’yung gawin nang mag-isa.”

Hindi agad nakapagsalita si Chloé, dahil tama ang kausap. Lumakad siya sa gawing bintana ng kuwarta at hinawi ang mga kurtinang tumatabing doon.

“Mas mainam, Sir, kung bubuksan natin ang bintana rito para kahit hindi ka nakakalabas ng silid ay nasisikatan ka pa rin ng araw at nakakalanghap ng sariwang hangin.”

“Ayokong nakabukas ang bintana ng kuwarta ko,” matapang na saad ng binata. “Wala rin naman akong makikita kahit na buksan mo ’yan.”

Sa tingin niya ay mahihirapan siyang kuhanin ang tiwala nito.

“Di bale, Sir, simula ngayon, kung ayaw mong nakabukas ang bintana ng kuwarta mo, ilalabas na lang kita tuwing umaga para makalanghap ka ng

sariwang hangin.”

Hindi na ito sumagot, hudyat na sumang-ayon ito sa kanyang suhestiyon. Napangiti na lang si Chloé sa isiping magkakasundo sila ng kanyang guwapo at binatang alaga.

Natapos ang maghapon sa pagbabantay niya kay Carlos. Wala itong gustong gawin kundi ang magkulong sa kuwarto. Ni kumain ay kinatatamaran nito. Kulang na lang ay mapagalitan niya ito na parang isang bata. Sa huli ay ito pa rin ang nasunod at wala na siyang nagawa kundi sundin ang ipinag-uutos nito.

Dalangin niya ay maghimala at umayos ang lahat para kay Carlos. Gusto niya itong bumalik sa dati at alam niyang ito lamang ang makakatulong sa sarili nito upang tuluyang gumaling.

CHAPTER *Three*

*N*agmamadaling gumayak si Chloé kinaumagahan upang muling pumasok sa trabaho niya. At suwerte naman siya na nakarating siya sa tamang oras.

Katulad nang nakaraang mga araw sa nakalipas na mga linggo, naabutan niya si Carlos na nasa loob ng silid nito kahit mataas na ang sikat ng araw. Nakaupo lamang ito sa wheelchair at parang may malalim na iniisip.

“Magandang umaga, Sir,” bati niya sa binata. Nakapantulog pa rin ito at nasa tabi nito ang isang tasa ng kape na nasa kalahati pa lamang ang nababawas.

Hindi ito agad sumagot, ngunit bahagyang

lumingon sa kanyang kinaroroonan.

“Pwede namang hindi ka pumunta dito araw-araw, Chloé. Ayos lang ako dito, nand’yan sina Manang Rosy para tulungan ako.”

Ikinagulat niya iyon, hindi lang dahil nagsalita ito kundi dahil may kakaibang kuryenteng dumaloy sa buo niyang katawan sa unang pagkakataon na binanggit ni Carlos ang pangalan niya.

Sa nakalipas na mga linggo, bihira siya nitong kausapin at masungit pa parati ang tono. Pero ipinagwawalang-bahala lang niya iyon parati, at ginawa nang maayos ang trabaho niya.

Ilang segundo pa ang lumipas bago niya nasagot ang sinabi nito. “Hindi po pwede, Sir, kailangan ko po kayong alagaan at bantayan araw-araw. Gusto n’yo po bang mawalan ako ng trabaho?” pabirong sabi niya.

“Hindi ka naman mawawalan ng trabaho. Ang sinasabi ko, hindi kailangang araw-araw ay nandito ka.” Seryoso ang tono nito.

“Okay lang po ’yun, Sir.” Hindi pinansin ni Chloé ang sinabi ng binata at nagpatuloy sa pag-aayos ng kumot at mga unan na ginamit nito sa pagtulog.

Nang matapos iyon ay binuksan niya ang cabinet ni Carlos at ikinuha ito ng damit na pamalit. Balak

niya itong ilabas ng bahay upang maarawan man lamang ang katawan nito kahit paano.

“Sir, magpalit po muna kayo ng damit.” Inilapag ni Chloé sa kama ang napili niyang maaaring suotin ng binata.

Iginalaw niya ang wheelchair ni Carlos at inilapit sa kama nito.

Kinapa ng lalaki ang higaan nito upang kuhanin ang damit na isusuot nang may malambot itong nahawakan na kamay pala ni Chloé.

Mabilis ang naging pagbawi nito ng kamay nang maramdamang natahimik siya bigla.

Umarte si Chloé na hindi nagulat. Tutulungan niya sana itong maghubad at mapagpalit... pero bigla siyang namula sa inasta niya at huli na upang bawiin ang kanyang nagawa.

“Sorry po, Sir...” nahihiyang hingi niya ng paumanhin.

“Okay lang. Bulag lang naman ako, pero kaya ko namang gawin ang mga ibang bagay katulad ng pagpapalit ng damit.” Saka hiningi ni Carlos ang damit na ipamamalit nito.

Tumayo ito upang hubarin ang t-shirt na suot. Gusto sana ni niyang umiwas ng tingin, pero naunahan siya ng mangha. Hindi niya inasahan ang

kanyang nakita.

Malapad ang dibdib ng binata at halatang alaga sa ehersisyo, parang masarap sandalan anumang oras. At ang abs! Nag-iinit ang mga pisnging nag-iwas siya ng tingin.

“Magpapalit ako ng pang-ibaba kong pantalon. Would you mind if iwanan mo muna ako saglit para makapagpalit ako?”

“Ah... o-opo, Sir,” napahiyang saad niya. Bakit nga ba hindi pa niya iyon ginawa agad? Nakakahiya sa amo niya.

Biglang tumalikod si Chloé, tinungo ang pinto ng kuwarto at dali-daling lumabas. Habol niya ang hininga nang sa wakas ay makalabas siya ng silid ng binata. Mabuti na lang at hindi nakita ni Carlos kung gaano namula ang mukha niya. Bakit nga ba kailangang makita niya pa ang ganoong senaryo sa umaga?

Hindi pa siya nakaka-get over sa nangyari nang biglang bumukas ang pinto ng silid at iniluwa ang binata suot ang mga damit na pinili niya para rito.

“Okay na po kayo, Sir...?” medyo nahihiya pang tanong niya rito.

“Yeah. Ayoko nang umupo sa wheelchair. Pakialalayan mo na lang ako,” utos nito.

“Sige po, Sir.” Ngumiti siya kahit hindi siya nito nakikita.

Hinawakan ni Chloé ang braso ni Carlos habang naglalakad sila palabas ng pasilyo papuntang hapag-kainan. Napapitlag siya nang akbayan siya ng binata nang marating nila ang dulong parte ng pasilyo.

Tinitigan niya ang mukha ng amo at wala naman siyang nabakas na kung anong emosyon doon. Nagpatuloy sila sa paglalakad na para silang mag-asawang lumabas sa kuwarto upang magsalo sa pagkaing nakahain sa mesa nang umagang iyon.

“Nasaan na tayong parte ng bahay, Chloé?” anito mayamaya.

“Nandito na po tayo sa sala, Sir . Gusto ninyo po bang kumain muna ng almusal saka tayo maglakad-lakad sa labas, o pagkatapos na lang nating magpahangin saka kayo kakain?” tanong niya nang marating nila ang entrance door ng bahay.

“Maglakad muna tayo, busog pa ako. Baka ikaw gutom na, kumain ka muna,” alok nito.

“Ayos lang po ako, Sir. Aalalayan ko uli kayo hanggang makarating tayo sa labas.”

Isang tango lamang ang isinagot ni Carlos at nagpatuloy sila sa paglakad habang nakaakbay nang kaunti ang kaliwang braso ng binata sa balikat niya,

at ang isang kamay ay palaging ikinakawag sa hangin at parang may hinahanap sa dilim sa takot makasagi ng kung ano.

“Nandito na po tayo sa garden n’yo. Maupo muna po kayo.” Inalalayan niya itong umupo sa bench malapit sa isang shrub ng yellow bell na sadyang iniarko ang mga sanga para magmukhang pintuan na puno ng mga bulaklak sa gilid.

Bago umupo ay kinapa ni Carlos ang upuang sinabi ni Chloé at sabay silang napaupo roon, dahilan kaya naamoy ng binata ang buhok ng tagapag-alaga. Bahagya iyong tinatangay ng hangin. Kung nakakakita lang ito, masarap sanang hagurin ang mahabang buhok ni Chloé habang malapitan nitong nakikita ang mukha ng dalaga.

“Ngayon lang po siguro kayo nakalabas ng bahay uli simula n’ong mangyari ang aksidente sa inyo, Sir?” Naputol ang iniisip ni Carlos nang biglang magtanong si Chloé.

“Oo, ngayon lang uli ako lumabas pagkatapos ng lahat ng nangyari. Pinilit mo kasi ako,” may pangongonsyensyang turan ng amo niya.

“Mas mainam po kasi kung kahit paano ay huwag n’yong kalimutan ang mga dating ginagawa mo para maging mabilis ang paggaling n’yo, Sir.”

“Kung ako lang ang masusunod, kahit na huwag na akong gumaling basta maging maayos lang ang kalagayan ni Trinie.”

Biglang napatingin si Chloé sa katabi pagkarinig sa pangalang binanggit ng binata. Kung hindi siya nagkakamali, iyon ang kasintahan ni Carlos na nabanggit ni Rina sa kanya. Dinala umano sa ibang bansa ang babae matapos masira ang mukha nito sa aksidente.

Gusto sana niyang tanungin ang katabi kung bakit nito nasabi ang ganoong bagay, pero alam naman niya ang sagot. Dahil tunay na minamahal nito ang babaeng iyon kaya gagawin nito ang lahat masiguro lamang ang kaligtasan ng nobya.

Bahagyang may kumurot sa puso niya sa isiping iyon ngunit hindi na lamang niya pinansin.

“Mahal na mahal n’yo po siguro ang girlfriend n’yo,” hindi niya napigilang pahayag. Pinagmasdan niya ang lalaki na nakatingin lamang sa kawalan.

“Mahal na mahal ko siya, higit pa sa buhay ko. Matagal akong naghintay para masabi ko ang lahat ng nararamdaman ko sa kanya, pero nawala lahat ng pag-asang mayroon ako dahil sa aksidenteng nangyari sa amin.” Bakas ang lungkot at galit sa boses nito.

“Gan’on po siguro ang buhay, Sir... may mga pangyayaring hindi natin inaasahan. At sa huli, wala tayong magagawa kundi tanggapin ang lahat dahil kung hindi, matatalo tayo ng kahinaan.”

Sa paligid ay dinig na dinig ang huni ng mga ibon na nakahahalina sa pandinig.

“Siguro nga, hindi lang ako naging handa sa mga ganoong bagay at pakiramdam ko para akong dahon na unti-unting natuyo sa pagdaan ng mga araw. Palagi kong naiisip ang nangyari, paano kaya ang sitwasyon kung hindi nangyari sa amin ang aksidenteng iyon. Napakasaya siguro namin ni Trinie...”

Wala nang lumabas na anumang salita mula sa bibig ni Chloé upang aliwin ang binatang amo. Sa tingin niya ay talagang punung-puno ng sakit ang puso nito na hindi ito basta-basta makakalimot agad.

Sa huli, hindi pa rin niya napigilang bigyan ng pag-asa si Carlos.

“Huwag po kayong mag-alala, Sir, magiging maayos din ang lahat. Lahat naman ng tao ay dumadaan sa pagsubok, kanya-kanya nga lang po tayo ng paraan ng paglutas. Kaya mainam kung malalagpasan ninyo ang mga pagsubok sa buhay ninyo sa positibong paraan. Malay mo magkita uli

kayo ng babaeng mahal mo balang araw, di ba?”

Napangiti si Carlos, at masaya siya na makitang nakangiti ito.

“Sana kasing-tapang kita sa lahat ng oras, Chloé. At tama ka, dapat hindi ako patatalo sa mga problemang mayroon ako ngayon sa buhay dahil sa huli, ako rin ang magiging talo kung susuko ako.”

“Tama po ’yan, Sir, Hayaan n’yo lang na dumaan ang mga oras at araw, at kusang maghihilom ang lahat sa inyo. Magugulat ka na lang isang araw, may liwanag ka na uling makikita pagkatapos ng mga kadilimang kinakaharap mo ngayon.”

Muli isang matamis na ngiti ang isinukli ni Carlos kay Chloé. At pati siya ay hindi napigilang mapangiti na rin.

“Samahan mo ako sa banda roon. May makikita kang mga paso ng rosas sa gawing kaliwa nitong hardin,” mayamaya ay sabi ng binata.

“Sige po, Sir.” Inilagay nito ang kamay sa balikat niya at sabay silang naglakad patungo sa lugar na sinabi nito. Ikinagulat niya ang dami ng mga pulang rosas na nakatanim sa humigit sampung paso sa gilid ng bakod ng hardin.

Nilingon ng babae si Carlos at nakitang bahagya itong napangiti nang marating nila ang parteng iyon

ng hardin. Siguro naamoy nito ang samyo ng mga rosas.

“Ang ganda naman ng mga bulaklak na tanim n’yo, Sir,” hindi napigilang paghanga ng dalaga.

“Tama, amoy pa lang ng mga rosas ay nakakagaan na ng pakiramdam,” amin nito. “Tanim ’yan ni Trinie dati pa. Naalala ko lang dahil sa tuwing magtsa-tsa kami ay pinupuntahan muna niya ang mga tanim niyang rosas para tingnan kung malulusog ang mga bulaklak nito.”

“Ganoon po ba? Mahilig po pala siya sa halaman.”

“Oo, sa sobrang hilig n’un sa mga halaman ay nagpabili pa sa daddy niya ng lupa malapit sa kanila para doon mag-alaga ng maraming halaman.” Hindi katulad kanina ay magaan na ang himig ni Carlos habang ikinukuwento si Trinie sa kanya habang nakatitig sa mga pulang rosas.

“Okay ka lang ba, Chloé? Bakit hindi ka na nagsalita?” nagtatakang untag ng katabi mayamaya.

“Opo, Sir. Ayos lang po ako.” Dumako ang paningin niya sa mukha ng kausap.

Mahirap nga sigurong magmahal; lahat ay nagpapaalala ng nakaraan. Pero kahit ganoon, mas masaya pa ring umibig dahil ito ang magbibigay ng

lakas sa bawat araw na ikaw ay nakararamdam ng panghihina.

Iwinaksi niya sa isipan ang kasalukuyang kinapupuntahan ng iniisip niya.

“Gusto n’yo na po bang pumasok sa loob? Mukhang mainit na masyado ang sikat ng araw.”

“Sige, pumasok na tayo para makakain na. Saluhan mo ako.”

Nagulat man sa sinabi ng binata ay napa-oo na lang din siya.

Habang kumakain sila, dumating ang ina ni Carlos sa komedor.

“Good morning, son. Mukhang unti-unti ka nang nakakabawi sa mga nakaraang araw na wala kang ganang kumain,” masayang pahayag ng mama nito. Lumipat sa kanya ang tingin ng nakatatandang babae. “Maraming salamat sa ’yo, Miss Sanchez.”

“Ang totoo, Ma’am, si Sir Carlos po ang dapat ninyong pasalamatan dahil nilabanan niya ang kalungkutan kaya ayan, medyo maayos na siya at nakakangiti na kahit paano.” Nakangiti rin si Chloé. At nakita niyang masaya rin ang binata sa sinabi niya.

“That’s good. Mamaya darating si Dr. Ramos para i-check up ang mga mata mo.”

“Sige, Ma. Hihintayin na lang namin siya.”

“Okay, let’s eat.” Pumuwesto na ito sa puno ng mesa at sinenyasan siya. “Kumain ka nang marami, Miss Sanchez.”

“Chloé na lang po, Ma’am,” asiwang sagot niya. Naintindihan naman nito ang kanyang pakiusap.

Matagal ang naging pagkain nilang tatlo dahil sa mga kuwento ng ina ni Carlos at paminsan-minsan ay nababanggit din si Trinie. Gustung-gusto umano nitong maging manugang ang dalaga pagdating ng panahon.

Masaya naman si Chloé sa katotohanang iyon, ngunit panaka-naka ay nakakaramdam siya ng biglang inggit. Sana pagdating ng panahon ay makahanap din siya ng biyenang magugustuhan siya nang buong puso katulad ng ina ni Carlos.

Napangiti na lamang siya sa isiping iyon. Ni wala nga siyang time para sa love life, biyenan pa kaya ang mahanap niya?

Pagkatapos nilang kumain, inalalayan niya muli ang alaga pabalik sa silid nito upang makaligo ito at makapagpahinga.

Ilang oras lang ang lumipas ay dumating na ang doktor na tumitingin kay Carlos at positibo naman ang mga sinabi nito. Malaki daw ang tsansa na hindi

na kailanganin ni Carlos ng eye donor at unti-unting babalik din daw ang paningin nito hanggang sa tuluyang nang gumaling ang nasugatang mga mata.

Dumating ang oras ng pag-uwi ni Chloé at nagpaalam na siya sa binata.

“Sir, mauna na po ako. Sinabihan ko na po sina Manang Rosy na pakainin kayo mayamaya. Nakalagay na po sa ibabaw ng kama n’yo ang damit-pantulog para maipamalit ninyo,” habilin ni Chloé. Kahit wala itong gaanong nakikita, nakatingin ang lalaki sa direksyon na pinanggalingan ng kanyang boses.

Itinaas nito ang kamay sa ere na para bang may gusto itong kuhanin, kaya mabilis niyang inabot ang braso nito at sa di-sinasadyang pagkakataon, nahawakan ni Carlos ang kanyang kamay. Gumalaw ang isa pa nitong kamay at ikinulong sa mga palad ang sa kanya.

“Salamat, Chloé. Buti na lang at dumating ka sa buhay ko para alagaan ako,” sambit nito. “Sige, mag-iingat ka sa pag-uwi mo. Bukas pupunta ka dito sa bahay, hindi ba?”

“Opo, Sir, sa Linggo pa naman po ang day-off ko, Sabado pa lang po bukas.”

“Pasensya ka na, kahit araw hindi ko na

nalalaman,” natatawang saad nito.

“Ayos lang po ’yun, Sir. Ang mahalaga ay gagaling na kayo kaya babalik na din sa dati ang buhay n’yo.”

“Tama ka. Sige, hindi na kita maihahatid sa labas, alam mo naman.”

“Ano ka ba, Sir... hindi na po kailangan ’yun.” Di-sinasadya, napalo ni Chloé sa braso si Carlos. Natutop niya ang bibig. “Ay, sorry po.”

“Ayos lang, walang problema.”

Sabay pa silang tumawa.